KASAGANA-KA
Mutual Benefit Association, Inc.

Resolution Bilang 56, Serye 2016

Resolusyon hinggil sa Pagsasalin ng Pondo (Life and RF)
ng Exiting Age members ng KMBA patungo sa Golden-K ng KDCI

SAPAGKAT, ang mga kasapi ng KMBA na sumapit na sa edad na animnapu't-limang taong (65) gulang ay nararapat ng alisin o mag-exit sa listahan ng mga regular na kasapi, bilang pagsunod sa Implementing Rules and Regulation (IRR) ng KMBA ;

SAPAGKAT, ang KMBA ay nagpapahalaga sa mga naging partisipasyon ng mga kasapi na exiting age at nagnanais na magkaroon ng patuloy na seguro para sa kanila, kung kaya't naghanap ng programa na ayon sa kanilang kakayanan;

SAPAGKAT, ang KDCI na nagpapa-utang ng puhunan para sa mga kasapi nito ay nagnanais makatulong sa mga KMBA Exiting Age members na kasapi din ng kanilang tanggapan, upang maipagpatuloy ang seguro nito ng naaayon sa kanilang pinansyal na kakayanan, kung kaya't nagbukas ito ng programa para sa Exiting Age ng KMBA at tinawag itong "Golden K";

SAPAGKAT, nais ng KMBA na maging masinop ang paglilipat ng mga pondo (Life and RF) ng mga exiting age sa KDCI Golden-K, kung kaya't minumungkahi ang sumusunod na proseso:

1. Tutukuyin ng KMBA AO at KDCI FM ang mga Exiting Age na kasapi ng KMBA at magbibigay ng "Notice of Termination of Membership" sa KDCI Field offices (3 kopya) para sa Member, KDCI at KMBA;
2. Ang KDCI Field Office ang magtitiyak na mapapirma ang exiting age member ng notice kasama ang withdrawal of Life and RF;
3. Ang KMBA Account Officer ang gagawa ng validation of Life and RF at ipapadala ang validated account ng exiting age member sa Field Office thru email (copy: FM, BK at CM)

    a) Kung nagdesisyon si Exiting member na pumasok sa Golden-K, kailangan i-adjust agad ni BK ang account ng member (from regular KMBA member to Golden-K member) sa loob ng apat napu't-walong (48) oras, matapos ito, sarado na ang account ng member sa KMBA;

    b) Kung nagdesisyon ang exiting member na kunin ang Life and RF ng CASH, iproproseso ito sa KMBA head office at mag-iisue ng cheke mula sa KMBA;

4. Ang BK ng Field Office ay iwi-withdraw ang Life and RF ni member at ipapasok ito sa Golden-K savings (no deposit, only adjustments). Ibabawas ang Life and RF withdrawals sa remittance ng Field Office sa KMBA;
5. Ang KMBA ay magsisiguro na may maayos na listahan ng terminated account of exiting age para sa monitoring at audit purposes, kasama ang filled up Notices of Termination.

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com

KASAGANA-KA
Mutual Be

NGAYON DAHIL DITO, napagkasunduan ng Board of Trustees sa pulong na ginanap nuong May 6, 2016 na ipatupad ang prosesong nabanggit sa itaas para sa pagsasalin ng pondo ng KMBA Exiting Age patungo sa KDCI Golden-K program.

Sa pagpapatibay ng kapasyahang nabanggit, ang Board of Trustees ay lumagda sa resolusyong ito ngayon ika-23 ng Mayo, 2016 Lungsod Quezon.

ELIZABETH N. YAYON
Pangulo

JUDEA T. GUTIERREZ
Ingat-yaman

JERLENE B. PEREZ
Kalihim

AILENE V. RAMOS
Miyembro

MARIVIC R. LOTERTE
Miyembro

PERLA P. BATINGAL
Independent Board

MA. JONA K. PAROLAN
Miyembro

Pinagtibay ni:

SILVIDA R. ANTIQUERA
General Manager

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com